
ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 9
Mayo 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Lalong pahirap, panunupil at korapsyon sa tabing ng Covid-19 *lockdown*

Sinasamantala ng rehimeng Duterte ang pandemyang Covid-19 sa Pilipinas upang palawigin ang mga pasistang hakbang na ipataw nito sa ngalan ng "pagsugpo" sa sakit. Ang tinatawag nitong "bagong normal," sa kaibuturan, ay ibayong pagpapasahol sa pinakamalalalang aspeto ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa ilalim nito, lalong brutal na pasismo, mas malalalang patakarang neoliberal at mas masahol na korapsyon ang paiiralin ng tiranong si Duterte.

Mahigit 50 araw mula nang ipataw ni Duterte ang "lockdown" sa Luzon at iba't ibang panig ng bansa na nagdulot na ng walang kapantay na gutom at hirap sa mamamayan at sumisira sa ekonomya ng bansa. Hanggang ngayon, wala pa ring ginagawang inisyatiba ang kanyang gubyerno para sa malawakang siyentipikong pagsisiyasat sa tunay na bilang ng nahawa ng sakit na Covid-19 at bagsik nito sa mga dinadapuan. Kulang, mabagal at kalat-kalat ang mga pagsisikap nito sa *mass testing*, at kulang na kulang ang pondo at tauhan para mag-eksamen ng mga sampol.

Nananatiling nasa dilim ang mamamayang Pilipino sa kung ano ang batayang siyentipiko at pangkalusugan ng nagpapatuloy na militaristang *lockdown* na tinawag na *general* at *enhanced community quarantine* (GCQ at ECQ) at kung ano na ang naabot nito. Habang pinananatiling bulag at balot ng takot sa Covid-19 ang mamamayan, namamayagpag naman si Duterte at ang kanyang pasistang pangkat sa pagpapatupad ng mas malulupit at masasahol na hakbangin at patakaran.

Sa nagpapatuloy na *lockdown*, walang patumanggang niyuyurakan ng mga pulis at sundalo ni Duterte ang saligang mga karapatan ng mamamayan. Kahit walang kinalaman at katunaya'y taliwas sa deklarasyong pangangalaga sa pampublikong kalusugan, daan-daan libong mamamayan ang pwersahang ikinukulong sa kanilang mga bahay sa tinawag na mga "total lockdown."

Niroronda ng mga armadong tauhan ni Duterte ang mga maralitang komunidad at mga pribadong subdibisyon upang papaghariin ang takot at pangamba. Kaliwa't kanan ang dinadampot, pinoposasan, binubugbog, ikinukulong at labis na pinahihirapan kahit sa simpleng mga pagkakamali. Maraming lugar

ang nakapailalim sa *curfew*. Kaliwa't kanan ang mga tsekpoynt. Bawal magprotesta. Bawal magreklamo. Ipinaiilalim at kinokontrol ng pulis at militar maging ang pagtutulungan at pagbibigay ng ayuda, lahat sa ngalan ng "social distancing."

Sa kanayunan, lalo pang sumisidhi ang panunupil ng AFP sa masang magsasaka kaakibat ng pinatitinding operasyong kontra-insurhensya. Labis na paghihirap at paghihikahos ang dulot sa mga magsasaka ng mga tsekpoynt at pagrerekisa, pagbabawal na magsaka, pagkontrol sa dami ng pwedeng bilhin, paghahalughog sa mga bahay, panindak para pwersahing makipagtulungan sa militar, at iba pang paraan ng paniniil.

Pinakatarget ng pasistang mga patakaran ni Duterte ang mga demokratiko at makabayang pwersa at mga kritikong naglalantad sa kulang na kulang at makupad na pagbibigay ng ayuda sa panahon ng *lockdown*, sa lubhang kulang na suporta sa mga manggagawang pangkalusugan, sa pagpapabaya sa mga pampublikong ospital at sa naunang pagbabalewala at kulang na paghahanda sa pagkalat ng Covid-19, at iba pang malalaking kabulastugan sa panahon ng pandemya.

Sa aktwal, ipinataw na ni Duterte ang paghaharing militar at pulis sa pamamagitan ng *lockdown*. Layunin nitong lumpuhin ang demokratikong paglaban ng mamamayan at iratsada ang pagpapatupad ng anti-mamamayang mga patakarang neoliberal na matagal nang nais ipatupad ng reaksyunaryong estado.

Sa pahayag mismo ng Malacañang, hindi kaiba ang "bagong normal" sa tinatawag nitong "GCQ" kung saan mahigpit na kinokontrol at minamanmanan ng estado ang galaw ng bawat myembro ng buubuong komunidad. Sinasabing mananatili ang kaayusang ito hanggang maka-imbento ng gamot, na ayon sa mga siyentista ay maaaring abutin nang 18 buwan (o hanggang Disyembre 2021).

Gamit ang pagdadahilang kailangan pa rin ng "social-distancing," pananatilihin ng rehimen ang pagbabawal sa mga pagtitipon. Idadahilan nito ang pagkalat ng bayrus para panatilihin ang pagbabawal sa pamamasada ng maraming drayber ng dyip at traysikel, gayundin ang paglabas at pagtatrabaho ng milyun-milyong malamanggagawang kontraktwal. Mananatili ang mga tsekpoynt sa pagdadahilang kailangang kunin ang temperatura ng mga dumadaan. Pahihigpitin nito ang mga "hakbang pangkalinisan" para ipasara ang maraming maliliit na negosyo. Bubuksan nito ang mga eskwelahan at pabrika, pero patuloy nitong ipagbabawal ang malalaking pagtitipon ng mga estudyante at manggagawa. Itinutulak ni Duterte ang mapanupil na National ID System sa ngalan ng mas episyenteng pamimigay ng ayuda o para sa “pagsubaybay sa bayrus.”

Sa ngalan ng pagpapaluwag sa mga daan, ipagbabawal ng rehimen ang pagpasada ng mga lumang dyip para mapalitan ang mga ito ng bagong mga sasakyan mula sa China na hawak ng malalaking negosyante. Sa tabing ng pagpapaluwag ng mga syudad, itutulak nito ang malawakang demolisyon ng mga komunidad ng mga maralita sa ilalim ng programang "Balik Probinsya" upang mapasakamay ng malalaking burgesyang komprador at mga dayuhang kapitalista ang mga primera klaseng lupa sa Kamaynilaan.

Sinamantala rin ni Duterte ang pandemya nang ipataw niya kamakailan ang 10% dagdag na buwis sa inaangkat na krudong langis na tiyak na ipapabalikat sa mamamayan. Habang minamadali ng rehimen ang planong kaltasan ng buwis ang malalaking kapitalista sa ngalan ng muling pagbuhay ng ekonomya, tumatanggi naman itong pakinggan ang kahilingan na ibasura o isuspinde ang pagpapatupad ng TRAIN Law na nagpataw ng mabigat na buwis sa mga saligang konsumo. Dagdag na buwis din ang malao'y ipatutupad kapalit ng humigit-kumulang $4 na bilyong bagong utang ng Pilipinas sa World Bank, ADB at

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 9 | Mayo 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Lalong pahirap, panunupil at korapsyon sa tabing ng Covid-19 *lockdown* | 1 |
| Pasismong Covid-19, pitong hakbang | 4 |
| Gutom at kahirapan | 5 |
| Pinsala sa mga bata at kabataan | 6 |
| Nakalalasong kulturang *lockdown* | 6 |
| ABS-CBN, ipinasara | 7 |
| Protesta sa Mayo Uno | 7 |
| 76 aktibista, boluntir, inaresto | 7 |
| *Luyo-luyo* sa produksyon | 8 |
| Tigil-putukan, tinapos na | 9 |
| 88th IB, naghahasik ng takot | 9 |
| Mga POGO, ipinabubukas ni Duterte | 9 |
| Patuloy na operasyon ng minahan | 10 |
| #SolidarityAmidCovid | 10 |
| Kalayaan at Panatag | 10 |
| Pandemya at pagkasira ng kalikasan | 11 |
| Ika-47 anibersaryo ng NDF | 11 |
| Pananalakay sa Venezuela | 11 |
| Atake sa Embahada ng Cuba sa US | 11 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

iba pang ahensya.

Sa gitna ng krisis pangkalusugan at sumasadsad na ekonomya, lalong lumalala ang burukrata-kapitalistang pandarambong. Sinasamantala ni Duterte ng kanyang mga kroni at burges komprador ang krisis para magkamal ng malaking tubo. Tampok sa mga ito ang pagkopo ng pamilyang Villar at ni Dennis Uy sa mga kontrata para sa pagtatayo ng mga *quarantine center.*

Ginagamit ni Duterte ang kanyang paghahari-hariang diktador upang paluhurin sa kanyang kagustuhan ang lahat ng malalaking burgesya-kumprador. Ang ilang buwan nang pagbabanta niya sa pamilyang Ayala at kay Manny Pangilinan ay humantong kamakailan sa kunwari'y "paghingi ng patawad" ni Duterte na drama lamang para pagtakpan ang bilyun-bilyong pisong mga aregluhan.

Noong isang araw, ipinag-utos ng rehimeng Duterte ang pagpapasara sa ABS-CBN, isang tahasang atake sa malayang pamamahayag. Sinamantala niya ang *lockdown* para walang makapag-ipon para magprotesta. Pinag-iinitan ni Duterte ang ABS-CBN dahil hindi ito basta sumusunod sa kanyang kumpas. Matagal nang pinipiga at iniipit ng mga burukratang kapitalista ang ABS-CBN para makipag-areglo kapalit ng kanilang prangkisa o kaya'y obligahin itong ibenta ang kumpanya sa mga naglalaway na kroni ni Duterte at kasabwat nilang mga dayong kapitalista.

Sagadsaring paniniil, pang-aapi at korapsyon ang "bagong normal" sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte. Habang nagbabanta si Duterte na idedeklara ang batas militar, ipinatutupad na niya ang mga elemento ng absolutong paghaharing diktador at tuluyan nang pinapatay ang natitirang kalayaan at demokrasya. Ang kalayaan ay para na lamang kay Duterte at sa kanyang mga kampon: Kalayaan para lalo pang magkamal ng yaman at tubo. Kalayaang gamitin ang pera ng bayan para sa sariling kapakanan. Kalayaang ikulong ang lahat ng hindi yuyuko. Hawak ni Duterte sa leeg ang demokrasya at handang tuluyang sakalin anumang oras.

Ang buong Pilipinas ay nasa ilalim na ng hindi deklaradong batas militar ni Duterte. Lalong sinisiil, pinahihirapan at pinagnanakawan ni Duterte ang buong bayan. Gayunman, deklarado man o hindi, ang batas militar ay isang malaking batong mahuhulog sa sariling ulo ni Duterte.

Dapat itakwil ng buong bayan ang "bagong normal" na walang iba kundi ang pagpapatuloy ng mga elemento ng *lockdown* at iba pang mga patakarang lalong nagpapatindi ng dati nang bulok na sistemang panlipunan. Dapat nilang hingin kung ano ang siyentipikong batayan ng nagpapatuloy na *lockdown*, mga tsekpoynt, *curfew* at lahat ng mga paghihigpit na labis-labis na pinarurusahan. Sa ngalan ng demokrasya at kalayaan, dapat nilang tipunin ang tapang para malikhaing suwayin at hamunin ang mga panggigipit sa ilalim ng militaristang *lockdown* ni Duterte.

Dapat pandayin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng lahat ng demokratikong uri at sektor laban sa "bagong normal" na di deklaradong batas militar ni Duterte. Dapat magsama-sama ang pinakamaraming sektor para kundenahin at labanan ang pagpapasara sa ABS-CBN at iugnay iyon sa pagpapabaya ni Duterte sa mga manggagawang pangkalusugan, sa mabagal at kulang na kulang na ayuda sa panahon ng *lockdown*, sa pagtangging isuspinde ang pagbabayad-utang at itigil ang kontra-insurhensya para paburan ang pangangailangan sa pampublikong kalusugan, sa mga brutalidad at pang-aabuso ng mga pulis at sundalo sa karaniwang mamamayan, sa korapsyon ni Duterte, at sa pagsupil sa batayang karapatang magpahayag ng hinaing at damdamin at magrali sa lansangan.

Dapat isagawa ang malawakang kampanyang propaganda at edukasyon sa masa. Dapat ilantad ang mga kasinungalingan at di siyentipikong satsat ni Duterte hinggil sa Covid-19 at igiit ang pangangailangan para pamunuan ng mga siyentista at manggagawang pangkalusugan, hindi ng mga pasista, ang pagharap ng bansa sa pandemya. Dapat singilin si Duterte sa paggamit sa pandemyang Covid-19 para isulong ang kanyang iskemang itatag ang isang pasistang diktadura. Dapat ilantad ang mga patakarang neoliberal na lalong nagpapahirap sa masa at magkaisang ipaglaban ang mga panawagang ibasura ang TRAIN law at iba pang pahirap na buwis, ang karapatan sa disenteng pabahay, karapatan sa trabaho, at iba pang mga demokratikong kahilingan.

Dapat patuloy na palakasin ng Partido ang kanyang mga sangay at komite sa kalunsuran at kanayunan. Dapat patuloy na palakasin ng Partido ang kilusang lihim upang tiyakin na tuluy-tuloy na napapalakas at napalalawak ang kanyang organisasyon kahit pa sa ilalim ng pasistang panggigipit at panunupil. Kaalinsabay nito'y dapat lalong palakasin ng Partido ang ugnayan nito sa malawak na masa upang tuluy-tuloy silang napupukaw, naoorganisa at napakikilos. Dapat mahusay na pamunuan ng Partido ang masa na ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan at ang kanilang kagalingang pangkalusugan at panlipunan.

Mabibigo si Duterte at ang kanyang pasistang pangkatin sa hangarin nilang tuluyang supilin ang paglaban ng taumbayan. Habang lalong sumisidhi ang panunupil, pagpapahirap at pagnanakaw ng pangkating Duterte sa panahon ng pandemyang Covid-19, lalong nag-aalab ang damdamin ng sambayanan na manindigan at lumaban. Lalong nalalantad ang bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at napupukaw ang sambayanan na bagtasin ang landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon. AB

# Pitong hakbang ng pasismo sa panahon ng pandemya

Una, balewalain ang banta ng sakit na Covid-19 sa kalusugan at kabuhayan ng mamamayan. Sa loob ng mahigit dalawang buwan, hanggang sa unang linggo ng Marso, ipinagkibit-balikat ni Duterte at ng kanyang binuong Inter-Agency Task Force ang kaalamang nakapasok na ang bayrus sa bansa at na kumalat na ito sa mga prubinsya, partikular sa Central Visayas.

Pangalawa, balutin sa takot at gulantangin ang milyun-milyon. Ipinailalim ni Duterte sa *lockdown* ang buong Metro Manila noong Marso 12, sunod ang Luzon noong Marso 16. Walang pag-aaaral, paghahanda sa lokal na kalagayan o kahit babala sa mamamayan. Sa loob ng 24-oras, binaha ni Duterte ang mga syudad ng libu-libong pulis at sundalo sa tabing ng pagtse-tsek ng temperatura ng mga bumabyahe. Tumigil ang mga pabrika at trabaho, liban sa ginawaran ng katayuang "esensyal" at mga negosyong direktang nagsisilbi sa dayuhan. Nagkandarapa ang lokal na mga upisyal sa halos lahat ng syudad at prubinsya, na nadala sa pananakot na "daan-libo ang mamamatay" sa bayrus at nagdeklara ng kani-kanilang *lockdown*. Itinayo ang mga tsekpoynt sa buong bansa at pinigilan ang milyun-milyong mamamayan na umuwi, magtrabaho, bumili ng mga pangangailangan, magtungo sa ospital at pumunta sa kung saan nila gusto. Inaresto, ikinulong, pinarusahan at sa ilang pagkakataon ay binaril ang mga sumuway sa utos ng mga pulis at sundalo.

Pangatlo, likhain ang imahe ng "gera" at ilagay ang mga sundalo at pulis sa tuktok at unahan ng tugon ng gubyerno sa pandemya. Tinututukan ni Duterte ng baril ang bayan kahit pa ang kalaban ay "hindi nakikitang kaaway." Nilunod at nilito niya sa impormasyon ang bayan sa pamamagitan ng araw-araw, marami at magkakatunggaling mga pahayag sa midya para idiin ang pangangailangang "sumunod na lamang" sa mga hakbang ng kanyang rehimen. Tinawag niyang "pasaway" ang mga lumalabas sa kanilang mga bahay dulot ng kagustuhang kumita, makakain o dulot ng matinding pagkabagot. Sila ay brutal na pinarurusahan at ipinahihiya. Iniutos ni Duterte na barilin ang lahat na sumuway sa *lockdown* matapos lumabas sa komunidad ang grupo ng mga maralita para igiit na bigyan sila ng ayuda. Itinakda ng utos na ito ang tindi at saklaw ng pang-aabuso ng pulis, sundalo at maging ng mga upisyal ng lokal na gubyerno at barangay sa pagbalewala sa mga karapatan ng mamamayan. Ipinataw ang mga 12-oras at 24-oras na mga *curfew*, 48-oras na *total lockdown* ng mga barangay at sityo, at iba pang mga arbitraryo at pahirap na ordinansa at resolusyon.

Pang-apat, ibigay sa AFP at mga heneral nito ang kumand sa araw-araw na pagpapatupad ng *lockdown*. Itinalaga ni Duterte si Delfin Lorenzana bilang hepe ng National Task Force Covid-19 (NTF), si Eduardo Año bilang papangalawang hepe, si Carlito Galvez bilang punong tagapagpatupad at si Rolando Bautista tagapangasiwa sa pamamahagi ng ayuda. Lahat sila'y may karanasan sa kontra-insurhensya pero walang kahit anong bakgrawnd sa mga usaping pangkalusugan ng mamamayan. Ibinigay rin ni Duterte sa Office of the Civil Defense ang pamumuno sa lahat ng mga *task force* sa antas rehiyon at higit dito, ang pagbili at pamamahagi ng gamit medikal para sa mga manggagawang pangkalusugan at ospital.

Panlima, angkinin ang *emergency powers* para dagdagan ang awtoridad. Kabilang dito ang pagpapailalim ng bilyun-bilyong pondo sa upisina ng presidente, pag-agaw ng mga pribadong kumpanyang "nagkakait" ng serbisyo o pasilidad, at pagpapatahimik sa kanyang mga kritiko sa ngalan ng pagsugpo sa pagkalat ng "maling impormasyon."

Pang-anim, gutumin ang mga tao, tipirin at ipitin ang ayuda. Para pagtakpan ang kakulangan sa pondo, ibinunton ni Duterte ang sisi sa mga lokal na upisyal na silang sumalo sa kawalan ng hanapbuhay at kita, transportasyon, sanitasyon at mga serbisyong publiko, paglaganap ng gutom at iba pang sosyo-ekonomikong pinsala na idinulot ng *lockdown*. Gamitin ang gulo na ibinunsod ng kaguluhan sa proseso ng pamamahagi nito para itulak ang implementasyon ng National ID System.

Pampito, ipatanggap na ang pasismo ang siya nang "bagong normal" o magiging kaayusan kung saan mananatili ang halos lahat ng mga restriksyon sa galaw at karapatan ng mamamayan. Ito'y kaayusang wala namang pinagkaiba talaga sa dating sistema, pero asahan na ang higit na malalalang anyo ng pagsasamantala at pang-aapi sa bayan. Kabilang dito ang mas pinasidhing sarbeylans sa mga pagkikita at pagtitipon sa ngalan pagsubaybay sa posibleng muling pagkalat ng bayrus.



# Pandemya sa gutom at kahirapan, idudulot ng mga *lockdown* at restriksyon

Pandemya ng gutom at "hindi mawaring epekto sa kalusugan at ekonomya" ang idudulot ng matitinding restriksyong ipinataw ng mga estado kaugnay ng pandemyang Covid-19. Ito ang babala ng United Nations (UN) na nagsabing posibleng mas marami pa ang mamamatay dulot ng mga hakbang na ipinatupad para lunasan ang sakit.

**Hirap at sakit**

Pinatitindi ng mga *lockdown* ang dati nang mga di pagkakapantay-pantay sa mga lipunan. Lalo nitong itinulak sa kahirapan ang dati nang mahihirap na bahagi ng populasyon. Ayon pa sa UN, ang mga restriksyon at *lockdown* na nakatuon sa "pagsugpo" ng Covid-19 ay nagpakitid sa mga merkado at pumigil sa trabaho ng milyun-milyon at bumura sa kanilang kakayahang bumili ng mga kinakailangan. Milyun-milyon na ang nawalan ng trabaho sa buong mundo, pangunahin ang mga kontraktwal at mala-proletaryado. Pangunahing naapektuhan ng kawalan ng kita ang kakayahan ng mga pamilya na bumili ng sapat ng pagkain.

Kasabay nito, maaring sumirit ang presyo ng mga pagkain sa pandaigdigang merkado dahil sa pagkaputol sa daloy ng suplay hindi lamang ng pagkain, kundi pati ng mga gamit sa produksyon. May mga paghina na rin sa ani at operasyon ng mga kumpanyang agrikultural sa malalaking bansang eksporter ng pagkain.

Lubos na maaapektuhan ang mga bansang nakaasa sa pag-angkat ng batayang pagkain, tulad ng bigas, kung ipagkakait o itataas ang presyo ng mga ito ng mga bansang eksporter. Babala ng UN, hindi magiging panandalian at hindi madaling masosolusyunan ang daranasing hirap ng mamamayan.

Isa ang Pilipinas sa inilalarawan ng UN na mga bansang dati nang may mataas na insidente ng gutom. Ang mga dumaranas ng gutom, na matatagpuan hindi lamang sa siksikan na mga komunidad sa mga syudad kundi pati sa malawak na kanayunan, ay may mataas na risgong mahawa ng Covid-19 at iba pang karaniwang sakit dahil sa malnutrisyon. Sila rin ang nasa mga lugar kung saan walang mga klinik, at matinong patubig at sanitasyon. Ang mga nasa syudad ay walang espasyo para maipatupad ang tamang *social distancing* o pagkwarantina ng kanilang mga maysakit na kapamilya. Sa kanayunan, salat na salat ang gamit at kasanayang medikal, gayundin ang mga pasilidad para sa mga mahahawa ng sakit. (*Tingnan ang artikulo sa* Ang Bayan, *Abril 7* .) Tulad sa kaslunsuran, milyun-milyong mamamayan sa kanayunan ang dumaranas ng gutom dulot ng kawalan ng trabaho, mababang kita at kawalan ng lupa.

Lalong magdurusa ang mahihirap dahil sa pagkasira ng mga ekonomya na idinulot ng mga *lockdown* at restriksyon. Ang matitinding restriksyon sa byahe at produksyon ay nagdulot ng pagkaputol sa daloy ng suplay ng mga produkto at paggawa. Kasama ang Pilipinas sa mga bansang nawalan ng kita mula sa turismo at remitans ng mga migranteng manggagawa. Nakatakdang mawasak ang dati nang mahihinang imprastruktura ng lokal na ekonomya. Dahil pinili ng estado na umutang kaysa baguhin ang mga alokasyon sa badyet nito, deka-dekada pang pagdurusahan ng mamamayan ang gastos sa *lockdown*.

**Gutom sa ngayon at hinaharap**

Ayon naman sa World Food Programme (WFP), mahigit 30 bansa ang daranas ng kakulangan ng pagkain. Sampu sa mga bansang ito ay dati nang may mahigit isang milyong populasyon na walang nakakain bago pa ang pandemya. Mangangailangan ng $350 milyon para mapakain ang pinakanagugutom. Dagdag na problema ng mga ahensyang internasyunal na hindi nila maihatid ang pangkagipitang ayuda dahil sa mga pagbabawal at mahihigpit na restriksyon sa pagbyahe.

Sa ngayon, tinataya ng grupo na 812 milyon na katao ang dumaranas ng gutom araw-araw. Nasa bingit naman ng gutom ang 135 milyon. Madadagdagan pa ang bilang na ito ng 130 milyon sa pagtatapos ng taon.

Kabilang sa kailangang abutin ng grupo ang 30 milyon na buong nakaasa sa WFP para sa araw-araw na pagkain. Kung hindi aabot sa kanila ang ayuda, posibleng 300,000 ang mamamatay sa loob ng tatlong buwan.

Sa Pilipinas, apektado ang daloy at siklo ng produksyon ng pagkain nang higpitan ang transportasyon ng sariwang pagkain mula sa mga prubinsya tungo sa mga syudad at sa pagitan ng mga prubinsya. Malaki ang idudulot na pinsala ng restriksyon sa galaw ng mga magsasaka at manggagawang-bukid sa darating na taniman ng palay at mais. AB



## Pinsala ng *lockdown* sa mga bata at kabataan

Wala pang katulad na pagsasara ng mga eskwelahan ang ipinatupad ng mga bansa sa ngalan ng pagsugpo sa Covid-19. Ayon sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO), nasa 190 bansa ang nagsara ng mga paaralan, at pinaglagi sa kani-kanilang mga bahay ang may 1.5 bilyong bata at kabataan. Nagdulot ito ng laganap na gutom sa mga bata sa maraming bahagi ng mundo.

Dahil isinara ang mga eskwelahan, nanganganib ang buhay ng 370 milyong bata na nakaasa sa mga ito para sa pagkain. Malaking bahagi sa kanila ay nasa mga bansang dumaranas ng gera at interbensyong militar. Bulnerable rin ang mga batang nasa mga *evacuation center* na nadisloka dulot ng mga sakuna at militarisasyon.

Pinatindi ng mga pagsasara ang hindi pagkakapantay-pantay ng mga estudyante. Kalakhan ng mahihirap na estudyante ay walang paraan para ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Kumpara sa kanila, mas nakaaalwan ang mga estudyanteng mula sa may-kayang pamilya na may *internet* at kompyuter sa kani-kanilang mga bahay. Ibinaba ng *lockdown* ang kakayahan ng mahihirap na estudyante na matuto, lalupa't kalakhan sa kanila ay nakatira sa siksikang mga bahay kung saan walang angkop na espasyo at kalagayan para sa pag-aaral, walang mga libro at ibang gamit pang-eskwela, at walang lugar kung saan maaaring lumabas at makapaglaro. Sa Pilipinas, ang kalagayang ito ay pinalala ng malawakang gutom, kawalan ng kita at mahihigpit na restriksyon sa paggalaw ng mga magulang at guro. Malakas ang panawagang tapusin na ang semestre o taong akademiko at bigyan ng pasadong grado ang lahat.

Marami nang mga pag-aaral ang nagpapatunay na mababa ang tsansa ng mga batang mag-aaral na mahawa sa Covid-19. Wala ring malakas na ebidensyang syentipiko na napipigilan ng pagsasara ng mga eskwelahan ang pagkalat ng Covid-19 dahil natuklasang hindi naman madaling mahawa ang mga bata. Mas maigi, ayon sa mga pag-aaral na ito, ang pagkwarantina ng mga may sintomas at maysakit kaysa buu-buong pagsasara ng mga paaralan. Noong Marso, naglabas ang United Nations Children's Fund (Unicef) ng gabay para sa wastong pagpapagana ng mga klase at eskwelahan sa mga bansang tinamaan ng pandemya.

Dati nang may mga rekomendasyon ang UNESCO sa paggamit ng mga eskwelahan at pagpapatuloy ng pagkatuto sa panahon ng mga pandemya. Kabilang dito ang paggamit sa mga eskwelahan para sa diseminasyon ng tamang impormasyon at pangangalaga sa kalusugan, pagtutuloy sa angkop na mga aktibidad at paglalabas ng angkop na mga materyal. Iginiit nito na kinakailangang panandalian lamang ang pagsasara sa mga eskwelahan.

Sa mga bansang pinakatinamaan, pinagkaitan nito ng kita ang mga manggagawa sa edukasyon, habang pinabigat ang responsibilidad ng mga magulang na gumagampan ng krusyal na mga tungkulin sa mga ospital tulad ng mga nars at duktor. AB

## Kulturang *lockdown* sa Pilipinas, isa sa pinakanakalalason—UN

Nagpahayag kahit ang United Nations (UN) ng pagkaalarma sa pagdami ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa iba't ibang bansa kabilang ang Pilipinas. Noong Abril 30, inilahad nitong "lumitaw ang isang nakalalalasong kulturang *lockdown* laban sa pandemyang Covid-19 na labis na nakaaapekto sa mga pinakabulnerableng myembro ng lipunan."

Inilabas ang pahayag isang linggo matapos manawagan si UN Secretary-General António Guterres sa mga gubyerno na "huwag gamitin ang pandemya sa paniniil, at kilalaning ang banta ay ang bayrus at hindi ang mamamayan."

Ayon kay UN Director of Field Operations Georgette Gagnon, nangunguna ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamaraming inaresto kaugnay ng *lockdown* kung saan mahigit 120,000 na ang hinuli dahil umano sa "paglabag" sa *curfew*.

Iginiit ng UN na "ang pagbaril, pagdetine o pag-abuso sa sinumang lumabag sa *curfew* para lamang maghanap ng makakakain ay hindi katanggap-tanggap at hindi naaayon sa batas." Ipinaliwanag nito na ang "karapatang mabuhay, karapatan laban sa tortyur at iba pang hindi makataong pagtrato, at karapatan laban sa arbitraryong detensyon" ay hindi nawawalan ng bisa kahit sa gitna ng *lockdown*.

Bago nito, binaril ng isang pulis ang retiradong sundalo na si Winston Ragos sa Quezon City noong Abril 21 dahil umano sa paglabag sa *lockdown*. Si Ragos ay may sakit sa pag-iisip. Noong Abril 20, nagkapasa ang likod ng isang 13-taong gulang na binatilyo matapos hampasin ng yantok ng isang pulis. Isang araw bago nito, nakita sa isang bidyo ang pambubugbog at pagkaladkad ng mga maton ng lokal na gubyerno ng Quezon City sa isang tindero ng isda. Sa Agusan del Norte, isang 63-taong-gulang na lalaking nagrereklamo kaugnay ng ayudang pagkain ang binaril ng pulis sa isang tsekpoynt noong Abril 5. AB

## ABS-CBN, tuluyan nang ipinasara

Iniutos ng National Telecommunications Commission (NTC) ang pagsasara ng lahat ng programa ng kumpanyang ABS-CBN sa radyo at telebisyon matapos mawalan ng bisa ang prangkisa nito noong Mayo 5. Ang pagpapasarang ito ay pangalawa na sa kasaysayan ng istasyon. Ang una ay noong Setyembre 1972 sa ilalim ng diktador na si Ferdinand Marcos.

Nagulat ang mga mamamahayag ng istasyon dahil kapapangako lamang ni House Speaker Allan Peter Cayetano na palalawigin ang permiso nito hanggang Hunyo 2022. Gayunpaman, matagal nang pinag-initan ni Rodrigo Duterte ang istasyon, na aniya'y hindi tumanggap ng kanyang mga patalastas noong tumatakbo siya sa pagkapresidente. Noon pa nangako ang Kongreso na hindi na nito palalawigin ang prangkisa. Matagal nang bunyag sa publiko na nais bilhin ang istasyon ng isang kumpanyang Chinese na kasosyo ng kroni ni Duterte na si Dennis Uy. Itinaon ang pagsasara sa panahong nakapailalim sa "total lockdown" at nakaepekto na ang *curfew* sa barangay kung saan matatagpuan ang mga *studio* ng kumpanya.

Mariing kinundena ng iba't ibang sektor ang pagpapasara sa istasyon. Nagpahayag ng kanilang protesta ang mga empleyado at artista ng ABS-CBN, mga organisasyon ng mamamahayag, abugado, manggagawa, negosyante at maging mga upisyal at ahensya ng gubyernong Duterte. Ayon sa Defend Jobs Philippines, sa halip na maglabas ng pansamantalang pahintulot sa kumpanya, pagtataksil sa mahigit 11,000 manggagawa ng ABS-CBN at kanilang mga pamilya ang ginawa ng NTC. Ayon sa National Union of Journalists of the Philippines, atake sa kalayaan sa pamamayahag ang pagsasara sa pinakamalaking kumpanya sa brodkas sa Pilipinas.

Tinukoy ni Marco Valbuena, Chief Information Officer ng PKP, na si Duterte ang nasa likod ng pagsasara ng *network.* "Animo'y hari, gamit ni Duterte ang tiranikong kapangyarihan para masunod ang kanyang kagustuhan. Nais niyang lahat na malaking negosyo ay lumuhod sa kanya at magbayad ng tributo," ani Valbuena. AB

### Protesta sa Mayo Uno

HINDI NAPIGILAN NG pasismo ni Rodrido Duterte ang pagkakaisa at protesta ng mga manggagawa at ibang sektor sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang pangangalampag sa rehimeng Duterte sa mga kagyat na kahingian ng mga manggagawa sa harap ng krisis pangkalusugan. Nagkaisa sila sa temang "Kalusugan, Kabuhayan, Karapatan, Ipaglaban!"

Tumayong may sapat na pagkakalayo ang ilang manggagawa, guro at kabataan sa harap ng isang gusali sa UP Diliman. Nagsagawa rin ng mga pagkilos at raling iglap ang mga manggagawa ng Paperland sa Quezon City, Unyon ng mga Manggagawa sa Harbor Centre sa Tondo, Manila at iba pa.

Naglunsad din ang KMU ng "online protest" o protesta sa *internet* na nilahukan ng iba't ibang sektor. Ayon sa datos, nagrehistro ito ng 50,000 *views* o bilang ng nakapanood. Naglunsad din parehong protesta ang mga balangay ng KMU sa Southern Mindanao, Central Luzon, at Southern Tagalog. AB

## 76 aktibista, boluntir, inaresto sa Araw ng Paggawa

Magkakasunod na inaresto ng Philippine National Police (PNP) ang 76 na aktibista at boluntir sa Metro Manila, Rizal at Iloilo kasabay ng paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa noong Mayo 1.

Kabilang sa kanila ang sampung boluntir na nagkakawanggawa at namimigay ng libreng pagkain sa mga maralitang residente sa Marikina City. Iniutos ni Marikina City Mayor Marcy Teodoro ang kagyat na pagpapalaya sa mga inaresto at iginiit na wala silang nilabag na batas.

Sa Quezon City, apat na kabataang boluntir at 14 na residente ang inaresto habang namimigay ng libreng pagkain sa Barangay Central. Apat na aktibista rin ang inaresto sa Valenzuela City dahil lamang sa paglahok sa isang protesta sa *internet.* Dalawang manggagawa rin ang inaresto sa Rodriguez, Rizal.

Inaresto rin ng mga pulis ang 42 indibidwal sa Jaro District, Iloilo City habang naghahanda para sa isang karaban upang kundenahin ang pagpaslang sa koordineytor ng Bayan Muna sa Iloilo na si Jose Reynaldo "Ka Jory" Porquia. Sinampahan ng patung-patong na kaso ang mga biktima kabilang ang dating mga kasamahan ni Porquia, kanyang anak at pitong kasapi ng midya. Pinalaya lamang ang 42 pagkatapos magbayad ng pyansang P12,000 kada inaresto o higit kalahating milyon sa kabuuan.

Si Porquia, 59, ay binaril nang siyam na beses ng apat na hindi nakikilalang lalaki sa Barangay Santo Niño Norte, Iloilo City noong Abril 30.

Sa parehong araw, inaresto ng mga elemento ng 202nd IBde ang 16 na manggagawa ng Coca-Cola sa loob ng pagawaan ng kumpanya sa Santa Rosa, Laguna. Dinala sila sa Camp Vicente Lim sa Calamba City at ipinrisinta sa midya noong Mayo 1 bilang "sumukong" mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. AB

# *Luyo-luyo* sa produksyon ng pagkain

Sa tantya ni Tatay Lery, magtatagal lamang ng tatlong linggo ang ipinagiling na palay na naging parte niya sa pakiki-ani sa kabilang baryo. Ito na ang huling imbak na bigas ng pamilya. Kung dati'y nakapagpapadala ng pambili ng bigas ang kanyang anak na namamasukan sa Maynila, ngayon ay wala na itong naiaabot dahil nawalan ng trabaho sa ilalim ng *lockdown*.

Dahil sa *lockdown*, lalupang lumiit ang kinikita ng mga magsasaka sa Barangay Dasig. Ang mga pamilya nina Tatay Lery at kanyang kakolektibo sa sangay ng Partido sa lokalidad na si Tatay Utê ay kabilang sa karamihang hirap sa pagbili ng bigas. Ito'y dahil maliban sa kalakha'y nyugan ang baryo, marami ang nawalan ng kabuhayan dulot ng bagyong Tisoy noong Disyembre 2019.

Sa ganitong sitwasyon, napapanahon ang panawagan ng Partido na ikampanya ang produksyon ng pagkain upang tugunan ang kagutuman na pinalala ng *lockdown*. Sa Barangay Dasig at sa buong larangang gerilya, sama-samang nagbubungkal ang mga magsasaka upang umagapay sa paglaban sa kakulangan ng pagkain.

Dati nang may gumugulong na kampanya sa produksyon sa larangan. Noong maagang bahagi ng dekada 2010, muling pinasigla ang sama-samang produksyon ng bawat tsapter ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid at Makibaka. Pinairal ang mga ito bilang kooperatiba at naglaan ng mga parsela ng lupa upang gawing gulayan, hayupan o pangisdaan.

Sa pinakabatayan din ay gumagana ang "luyo-luyo" (bayanihan) ng magkakagrupo sa mga balangay. Sa ilang grupong balangay na nabawasan ng myembro o di kaya'y humupa ang sigla, nagbuo ng mga "*grutul*" (grupong tulungan) mula sa natitirang mga myembro.

Sa panibagong bwelo, hinikayat ng mga kasama ang pag-asa ng mga magkababaryo sa sarili nilang lakas. Sa nakaraan, ilan sa mga proyekto ng mga samahan, grupong balangay at *grutul* ay nakatuon sa pagganansya. Bagama't nakakukuha sila ng pagkain mula sa itinanim, pangunahing layunin pa rin ng kanilang ani ang maibenta sa bayan. Nakakuha ito ng mamumuhunan, ngunit dahil sa iba't ibang kadahilanan ay nangalugi pa rin ang mga ito.

Sa panibagong bwelo sa Barangay Dasig, si Tatay Utê at pitong iba pang maralita ang magkakasama sa *grutul*. Pawang mga benepisyaryo sila ng rebolusyong agraryo, at nabigyan ng karapatang magbungkal sa kanilang binubungkal na lupa. Pero hindi ito naging produktibo dahil sa nagdaang bagyo. Isa lamang ang *grutul* nina Tatay Utê sa mga binuong grupo sa baryo at sa klaster ng mga barangay.

Nakapaghawan na sila sa paanan ng Mt. Salig na malapit sa baryo. Kung magtutuluy-tuloy ang init, pwede na nilang sunugin ang pinagtabasan para makapagsimula na ng pagtatanim. Nakahanda na rin ang mga buto ng petsay at sitaw, na balak nilang itanim sa unang yugto. Kinalap ito ng mga kasamang nangangasiwa sa larangang gerilya. Naglaan din ng suportang bigas sa mga residente bilang kagyat na pantawid-gutom.

Oras na makapagtanim na sina Tatay Utê, ilang linggo lamang ang bibilangin at may mapipitas nang gulayin. Sa malaon, magtatanim ang *grutul* ng kamoteng kahoy, saging at mas pangmatagalan na palay at gabi.


Hindi na nga nakatuon sa merkado ang aanihin, kaya't ang itatanim ay husto lang sa pangangailangan ng mga *grutul*. Paglilinaw ng mga kasama, pangunahing layunin ng kampanya ay magkaroon ng sapat na pagkain sa mesa ang pamilya ng mga magsasaka. Kung mayroon mang labis, maaari itong ipagbili sa mga kababaryo.

Pero sa malapit na hinaharap, saan manggagaling ang bigas ng mga magniniyog ng Baryo Dasig?

Kinokoordina ng komiteng larangan ang kampanya sa produksyon sa mga klaster. Sa gayon ay matutumbasan ng ani ng ibang baryo ang kakulangan ng iba pa. Sa kaso ng Baryo Dasig, maaaring magtanim ng karagdagang gulayin ang mga *grutul* upang ipampalit ito sa palay, na siya namang pangunahing produkto ng barangay sa ibaba. Planado rin ang produksyon ng mga palayan sa ibaba upang maglaan ng ipampapalit sa mga gulayin ng mga baryo sa ilaya.

Hindi na hihintayin ni Tatay Lery ang magiging resulta ng taniman nina Tatay Utê upang pumaloob rin sa *grutul*. Inaasahan ng mga kasama na mahihikayat ang iba pang magsasaka na magbuo rin ng mga *grutul*, o mas mainam pa'y ireaktiba ang mga tumamlay na grupong balangay.

Hitik sa mga aral ang mayamang karanasan ng Barangay Dasig sa rebolusyon. Para kay Tatay Lery, hindi na kailangang maghintay na matapos ang *lockdown* upang muling makapagpadala ang anak. Batid niyang sa loob mismo ng baryo, sa hanay nilang mga magsasaka, ay makahahakbang sila palpas sa kagutuman. AB



## Unilateral na tigil-putukan, tinapos na ng PKP-BHB

Nitong Abril 30, nagpahayag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na hindi na palalawigin ang unilateral na tigil-putukan nito. "Dahil malala at patuloy pang lumalala ang epidemyang Covid-19, patuloy na bibigyan ng pinakamataas na prayoridad ng PKP at Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang paglaban sa epidemyang Covid-19 sa kabila ng utos ni Duterte at AFP na lalong paigtingin ang mga opensiba at iba pang operasyong militar laban sa BHB. Gayunman, hindi na maaaring palawigin pagkatapos ng Abril 30, 2020 ang makataong unilateral na tigil-putukan ng BHB. Magdudulot lamang ito ng malubhang pinsala sa BHB at masa sa harap ng pinaigting na malawakang pag-atake at mga operasyong militar ng AFP-PNP," anang PKP.

Mula noong Marso 16 hanggang Abril 30, patuloy na naglunsad ang militar at pulis ng matitindi at sustenidong operasyong kontra-insurhensya sa 159 bayan at lunsod, saklaw ang hindi bababa sa 432 barangay. Nagresulta ang mga operasyon sa hindi bababa sa 54 armadong engkwentro, 39 dito ay reyd laban sa mga kampo ng BHB. Pinakahuling insidente ang reyd ng 4th IB sa kampo ng mga Pulang mandirigma sa Rizal, Occidental Mindoro noong Abril 30.

Nagresulta ang mga labanan na ito sa hindi bababa sa 31 patay at 27 sugatan sa hanay ng kaaway. Sa bahagi ng BHB, 20 Pulang mandirigma naman ang namartir habang walo ang nasugatan.

Sa parehong panahon, nakapagtala rin ang *Ang Bayan* ng 39 insidente ng paglabag sa karapatang-tao na isinagawa ng mga pwersa ng estado sa tabing ng kampanyang kontra-insurhensya ng rehimen. Apat na sibilyan ang pinaslang (dalawa sa mga biktima ay magsasaka), at 60 naman ang iligal na inaresto (54 sa mga biktima o 90% ay magsasaka).

Pinakahuling kaso ang arbitraryong pag-aresto sa isang siyam na buwang buntis na Lumad sa Butuan City. Dinakip ng mga elemento ng 23rd IB si Mayet Ambason sa Sityo Bankaling, Purok 8, Barangay Nong-Nong noong Abril 30 dakong alas-4 ng hapon. Inakusahan siyang kasapi ng BHB at sangkot sa naganap na engkwentro sa nasabing barangay noong Abril 24. AB

### Misengkwentro ng 88th IB sa Bukidnon

NAGLULUBID NG KASINUNGALINGAN ang 88th IB nang sabihin nitong isang lehitimong engkwentro ang naganap sa pagitan ng mga sundalo nito at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Sityo Mahayhay, Barangay Lipa, Quezon, Bukidnon noong Abril 28 ng umaga.

Batay sa ulat ng BHB-Bukidnon, nagkaroon ng misengkwentro sa pagitan ng Bravo Company at yunit paniktik ng 88th IB. Umabot nang 30 minuto ang putukan na nagresulta sa isang patay at mga sugatan. Bumagsak ang mga bala ng M203 malapit sa komunidad na nagdulot ng takot sa mga residente.

Notoryus ang 88th IB sa sapilitang pagpapasuko, iligal na pang-aaresto at pagpaslang sa mga magsasaka at Lumad. Mula nang buuin noong 2017, hindi bababa sa limang Lumad na magsasaka ang binaril at pinatay nito. Kabilang sa iba pang mga biktima nito si Jeffrey Bayot, kasapi ng Organisasyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa na pinaslang noong Agosto 2019.

Sangkot din sila sa pag-aresto at pagdetine sa tagapangulo ng Kasama-Bukidnon at mga magsasaka ng Buffalo-Tamaraw-Limus noong Enero 2020 at sa dalawang menor-de-edad noong Pebrero 2019 sa Kitaotao.

Noong Disyembre 2019, binantaan ni Lt. Col. Franklin F. Fabic, kumander ng 88th IB na bobombahin ang Sityo Dumasilag, Barangay Sta. Filomena, Quezon kung hindi susuko ang mga residente bilang myembro at tagasuporta ng BHB. Nagdulot ito ng pagbabakwit ng hindi bababa sa 113 residente kabilang ang 35 bata.

Binuo ang 88th IB mula sa pinagsama-samang pwersa ng 3rd, 4th, 8th at 9th ID. Nakakampo ang berdugong batalyon sa Barangay South Poblacion, Maramag. Nagsisilbi itong tagabantay at protektor ng mga mapandambong na mga plantasyon at minahan sa Bukidnon. AB

### Duterte, pinabubuksan ang mga POGO

PILIT NA BINIBIGYANG katwiran ng rehimeng Duterte ang muling pagbubukas ng mga Philippine Offshore Gaming Operator (POGO), mga *online* na pasugalang pinatatakbo ng mga Chinese, sa kabila ng *lockdown* nito na nagbabawal sa operasyon ng mga empresang "hindi esensyal" sa pagharap sa pandemyang Covid-19. Ang mga POGO ay tumutukoy sa mga pasugalang nagbibigay ng ekslusibong serbisyo sa dayuhang mga manunugal sa pamamagitan ng *internet.*

Pinalalabas ni Duterte at ng kanyang mga alipures gaya nina Finance Sec. Carlos Dominguez at Sen. Ronald dela Rosa na esensyal umano ang mga POGO sa paglikom ng pondo kahit pa notoryus ang mga ito sa hindi pagbabayad ng buwis. Sa ngayon, umaabot na sa P50 bilyon ang kabuuang utang na buwis ng mga opereytor ng POGO. Dagdag pa rito, nalantad din na pinamumugaran ng mga sindikatong Chinese ang industriya ng POGO sa bansa. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo* sa Ang Bayan, *Pebrero 21.)* Kasalukuyang iniimbestigahan ng senado ang laganap na iligal na mga aktibidad sa mga POGO gaya ng *money laundering,* prostitusyon at marami pang iba. AB

# Operasyon ng mga minahan sa Mindanao, tuloy sa gitna ng pandemya

Nagpapatuloy ang mga operasyon sa pagmimina ng TVI Resource Development (Phils) Inc. (TVIRD) at Agata Mining Ventures Inc. (AMVI) noong Abril sa mga prubinsya ng Zamboanga del Sur at Agusan del Norte sa kabila ng pandemyang Covid-19 at ipinatupad na *lockdown*. Hindi tumigil ang pagtatayo ng mga gusali at pagpupwesto ng karagdagang makinarya para sa pagmimina.

Pagmamay-ari ng Toronto Ventures Incorporated (kilala ding TVI Pacific Inc.) ang higit 30% ng TVIRD na nagpapatakbo sa pagmimina sa Mt. Balabag sa Bayog, Zamboanga del Sur. Bagaman hindi direkta, hawak din nito ang malaking bahagi ng operasyon ng AMVI sa Agusan del Norte dahil 60% ng operasyon ng AMVI ay pagmamay-ari ng TVIRD.

Dalawang dekada nang nananalasa ang TVI Pacific Inc., Canadian na kumpanya sa pagmimina, sa mga kabundukan ng Zamboanga Peninsula. Ang kumpanya ang pinakaunang dayuhang kumpanya sa mina na binigyan ng konsesyon sa ilalim ng Mining Act ng 1995.

Nagsimula ang TVI Pacific Inc. sa Pilipinas noong 1998. Kilala ang kumpanya bilang pinakamalaking prodyuser ng ginto at pilak at nangungunang taga-eksport ng tanso at *zinc concentrate*. Inangkin nito ang Mt. Canatuan sa Siocon, Zamboanga del Norte na itinuturing na sagrado ng grupong Lumad na Subanen, at Mt. Balabag sa Bayog, Zamboanga del Sur. Bahagi ito ng kanilang lupang ninuno, alinsunod sa kasaysayan ng kanilang tribo mula pa ika-17 siglo.

Delubyo ang hatid ng pagpasok ng TVI Pacific Inc. sa kabundukan ng Zamboanga. Binuksan ng kumpanya ang unang planta ng pagpoproseso ng ginto at pilak noong 2004 sa Mt. Canatuan. Sa apat na taong operasyon, nakakuha ito ng mahigit 105 onsa (*ounce*) ng ginto at 1.8 milyon onsa ng *silver dore* na nagkakahalagang $86 milyon.

Naiulat noong 2014 ang pagsasara ng minahan dahil sa pagkaubos ng mineral sa bundok. Nagsilbing gwardya ng minahan ang 44th IB. Pinangunahan nito ang pagpapalayas sa mga Subanen at pagpatahimik sa kanilang paglaban.

Pagkatapos ng paglarga ng mga operasyon sa Mt. Canatuan, sinimulan ng TVI Pacific Inc. ang operasyon sa Mt. Balabag noong 2008. Sa pamamagitan ng isang Mineral Production Sharing Agreement, sinaklaw nito ang 4,479 ektaryang lupain sa Bayog. Tinatayang mayroon itong 210,000 onsa ng ginto.

Binuksan naman nito ang AMVI noong Oktubre 2014 na nasa hangganan ng Jabonga, Santiago at Tubay sa Agusan del Norte. Nagmimina ito ng tanso at bakal na ineeksport sa Korea, Japan, China at Australia. AB

## #SolidarityAmidCovid, panawagan sa ika-36 taon ng Cordillera Day

PINANGUNAHAN NG CORDILLERA Peoples' Alliance (CPA) ang pamamahagi ng ayuda at *personal protective equipment* (PPE) sa mahihirap na komunidad at manggagawang pangkalusugan noong Abril 24. Bahagi ito ng paggunita ng mamamayang Igorot sa ika-36 na Cordillera Day.

Para sa CPA, ang kahulugan at pagsasabuhay ng Cordillera Day ay sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagkakaisa ng mamamayang Cordillera at pagtatanggol sa karapatan at lupang ninuno.

Pinangunahan ng Health for the People Brigade ang tradisyong ub-*ubbo, innabuyog* at *binnadang* upang makalikom ng mga gamit pangkaligtasan at iba pang ayuda para sa mga maralita.

Ang *ub-ubbo, innabuyog* at *binnadang* ay mga katutubong tradisyon ng pagtitipon ng lakas at sama-samang pagtatrabaho nang walang kapalit na sahod.

Sa loob ng 36 na taon, ang Cordillera Day din ay nagsilbing paggunita sa paglaban ng mamamayang Cordillera sa diktadurya, pasismo at paglabag sa karapatang-tao. Noong Abril 24, 1980, pinaslang ng mga tropa ng AFP si Macliing Dulag ng tribung Butbut sa Bugnay, Tinglayan, Kalinga. Isa si Dulag sa lider ng tribu at nanguna sa paglaban sa Chico Dam Project. Ang pagkakapaslang kay Dulag ay ginunita mula 1981 hanggang 1984 at tinawag na Macliing Memorials. Mula dito naorganisa ang Cordillera Peoples' Day na pinangunahan ng CPA. Taun-taon itong inilulunsad sa iba't ibang prubinsya ng Cordillera at Baguio City. AB

## Pag-angkin ng China sa Kalayaan at Panatag, tinutulan

MAHIGPIT NA TINUTULAN ng mamamayang Pilipino ang muling pag-angkin ng China noong Abril 18 sa dalawang teritoryo ng Pilipinas: ang Kalayaan Group of Islands (internasyunal na pangalan: Spratly Islands) at Panatag Shoal (internasyunal na pangalan: Scarborough Shoal.)

Ang Kalayaan Group of Islands, na itinuturing na munisipyo ng Palawan, ay pinangalanan bilang distrito ng Nansha. Ang Panatag Shoal naman ay ipinailalim sa distrito ng Xisha na kinabibilangan din ng Paracel Islands na kapwa inaangkin ng China at Vietnam. Ang bagong-buong Nansha at Xisha ay ipinailalmin sa Sansha City, na binuo ng China noong 2012 para saklawin ang maliliit na isla sa South China Sea. AB

## Mas maraming pandemya, idudulot ng pagkasira sa kalikasan

NALALANTAD ANG MAMAMAYAN sa mas mataas na panganib ng mga sakit na katulad ng Covid-19 dahil sa malawakang pagmimina at iba pang patakarang pangkalikasan ng gubyerno. Ito ang pahayag ng Panalipdan! Mindanao nang ginunita ng organisasyon noong Abril 22 ang ika-50 taon ng Earth Day.

Ayon sa grupo, sinira ng walang-kaparis na pagkakalbo ng kagubatan ang natural na mga pananggalang sa mga sakuna at sakit, partikular yaong mga sakit na *zoonotic* (nalilipat mula sa hayop tungo sa tao) tulad ng Covid-19.

Maliban sa malawakang pagmimina, ibinilang din ng grupo ang mga plantasyong *monocrop,* proyektong enerhiya, malakihang produksyong agrikultura at paghahayupan at iba pang pagpapalit-gamit ng lupa.

Hindi humupa sa Pilipinas ang pandaigdigang problema ng pagkakalbo at pagkasaid ng natural na mga rekurso. Mahigit 60% na ng kagubatan sa bansa ang nawala sa nagdaang dantaon. Imbes na pigilan ang pagkakalbo, mas malalawak na lupain pa ang ibinukas sa mas maraming kontrata sa mina, dam, at pagpapalit-gamit ng lupa tungong plantasyong *monocrop*.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, isang milyong ektaryang kagubatan at lupang agrikultural sa Mindanao ang inilaan na para sa mga plantasyong *oil palm.* Nanganganib ding masira ng mga proyektong dam sa ilalim ng Build, Build, Build nito ang mga sakahan, kagubatan, daluyan at pinagmumulan ng tubig. AB



## Ika-47 taong anibersaryo ng NDF, ginunita

GINUNITA NG MGA alyadong organisasyon ang ika-47 anibersaryo ng National Democratic Front noong Abril 24. Ipinaabot ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan ang pagsaludo sa NDF sa pagbibigkis sa mamamayang Pilipino sa ilalim ng bandila ng pambansang demokrasya.

Anang PKP, kinakailangang palakasin ng NDF ang panawagan para sa pagbubuo ng isang nagkakaisang prenteng *humanitarian* para pagkaisahin ang lahat ng demokratikong pwersa para pigilan ang pagkalat at pananalasa ng pandemyang Covid-19.

Pinangunahan ng mga rebolusyonaryong organisasyon ang pagsasagawa ng mga klinikang bayan, pamamahagi ng bigas, kampanyang impormasyon at mga pagsasanay-medikal sa iba't ibang prubinsya at rehiyon.

Naglabas ng mga pahayag ng pakikiisa ang mga lokal na balangay ng NDF sa Ilocos, Mindoro, Bicol, Eastern Visayas, Negros, Panay at Southern Tagalog. AB

## Atake sa embahada ng Cuba sa US, kinundena

KINUNDENA NG MGA upisyal ng Cuba ang pamamaril sa gusali ng embahada nito sa Washington D.C. sa US noong Abril 30. Kinilala ang namaril na si Alexander Alazo, isang nakadistyerong Cubano na may sakit sa pag-iisip.

Naniniwala ang Cuba na ang pang-aatake ay nahikayat ng palaban na mga pahayag ng mga upisyal ng US laban sa bansa. Ihinalintulad ito ng Cuba sa mga atake sa mga manggagawang medikal na Cuban na tumutulong sa pagsugpo ng Covid-19 sa mahihirap na bansa. Lumalaganap ang ganitong mga krimen kasabay ng agresibong patakaran ng US laban sa Cuba at pagpapahigpit nito sa blokeyo sa ekonomya. AB

## Armadong pananalakay ng US sa Venezuela, bigo

BIGO ANG DIREKTANG armadong interbensyon ng gubyernong US sa Venezuela nang sugpuin ng armadong lakas nito at ng mamamayan ang huling tangkang pananalakay ng mga armadong mersenaryo.

Sa isang brodkast sa telebisyon noong Mayo 5, ipinakilala ni Venezuela Pres. Nicolas Maduro ang dalawang nahuling Amerikano na sina Luke Denman at Airan Berry, pawang dating mga kasapi ng U.S. Special Forces. Sila ay nagtatrabaho para sa Silvercorp, USA, isang pribadong kumpanyang panseguridad na nakabase sa Florida, na itinatag ng dating kasapi ng Green Beret na si Jordan Gourdeau.

Sinimulan ang pagsalakay sa Venezuela na tinaguriang Operation Gideon noong madaling araw ng Mayo 3 ngunit kaagad din itong nabigo kinabukasan. Nadakip ang 13 mersenaryo at napatay ang anim na iba pa. Naghugas-kamay si Pres. Donald Trump na may kinalaman ang US bagamat inamin niyang lahat ng posibilidad ay maaaring mangyayari sa Venezuela. Bago nito, pumalpak ang tangkang "rebelyon" na inudyukan ng US noong Enero 2019. Ani Maduro, may kaugnayan sa langis ang tangkang reyd na ito dahil malaon nang gustong kontrolin ng US ang pamamalakad ng OPEC (Organization of Petroleum Exporting Countries), kung saan kasapi ang bansa. AB